

Sa mga Magulang/Tagapag-alaga

Mga Gabay Tungkol sa Pagtanggap ng Suporta sa Pagpapa-aral ng Bata (Shuugaku Enjyou) sa Taong 2014

Ang Lungsod ng Nagoya ay nagbibigay ng suporta para sa mga gastusing pampaaralan tulad ng bayad sa pananghalian, mga kagamitang kailangan sa pag-aaral atbp. para sa mga taong may suliraning pinansyal sa pagpapa-aral ng kanilang anak sa elementarya o junior high school.

1. **Mga pamilyang maaaring tumanggap ng Suporta sa Pagpapa-aral ng Bata**
Pahina.2-3 nang bilang1~7
2. **Mga dokumentong kailangang isumite sa para sa mga nais tumanggap ng Suporta sa Pagpapa-aral ng Bata**
 - (a) Application Form sa Pagtanggap ng Suporta sa Pagpapa-aral ng Bata (maaaring makakuha nito sa paaralang pinapasukan ng inyong anak)
 - (b) Papeles na magpapaliwanag sa mga kategorya ng aplikasyon (susunod na pahina 「Tungkol sa mga dokumentong kinakailangan upang mapatunayan ang inyong kalagayang pinansyal.」

※ Para sa mga nais maaprubahan mula Abril , IPASA ITO SA PAARALAN BAGO LUMAGPAS ANG ABRIL 18 (MIYERKULES.)

※ Tumatanggap pa din ng aplikasyon sa kahit anong oras pagkatapos ng Mayo ngunit, ang tulong ay para sa susunod na buwan.
3. **Mga Dapat Pag-ingatan Tungkol sa Aplikasyon**
 - 1) Isulat sa aplikasyon ang pangalan ng mag-aaral, magulang at lahat ng mga kasama sa tirahan.
 - 2) **Kung nakatanggap ng suporta sa pagpapa-aral ng bata noong taong 2013 at naipagpatuloy ito, hindi na ninyo kailangan gumawa ng bagong aplikasyon.** (Para sa mga batang bagong pasok na nasa ika-1 baitang ng paaralang elementarya, kailangan ng bagong aplikasyon.)
 - 3) **Kung mayroon kayong dalawa o higit pang anak na pinapag-aral, kailangan gumawa ng aplikasyon para sa bawat isa.** Kung may mga anak sa elementarya at junior high school, gumawa ng aplikasyon sa bawat paaralan na kanilang pinapasukan.
 - 4) Sa mga taong hindi makakapagbigay o makakapagpasa ng mga dokumentong kinakailangan bago sumapit ang Abril 18 (Biyernes), maaari lamang na makipag-ugnayan o sumangguni sa paaralan. (Ang mga aplikasyong maaaprubahan sa buwan ng Abril ay ang mga aplikasyon ng mga taong walang kakulangan sa mga ipinasang dokumento at naisumite ito sa paaralan sa araw o bago sumapit ang Abril 30 (Miyerkules).
 - 5) **Ang pag-aaproba ay isasagawa ay ayon sa ipinasang aplikasyon o papeles. Matapos na makapagpasa kayo ng papel o aplikasyon at may mga pagbabago sa kalagayan ng inyong sambahayan, huwag mag-atubiling ipagbigay-alam kaagad sa kinauukulang paaralan ang tungkol ditto (pagbabago sa magulang o tagapag-alaga, pag-aasawang muli, paglipat ng bahay, pagtira sa bahay ng lolo't lola at iba pa.)**
 - 6) Ang approval ay maaaring mawalan ng bisa kung sakaling may pagbabago o pagkakamali sa mga ipinasang dokumento na nag-resulta para hindi kayo makabilang sa mga sitwasyong nakasaad sa itaas.
 - 7) Sa mga nasakuna sa Higasshi Nihon Daishinsai, kahit na mataas sa standard amount of income ay may posibilidad na tumanggap.

Makipanyag sa paaralan tungkol dito

Makipagugnayan :

Gakuji Ka (School Affairs) ng Nagoya Board of Education sa numerong (TEL 972-3217 FAX 972-4175) o pinapasukang paaralan ng inyong anak.

Suriin bago isumite

- | |
|---|
| <input type="checkbox"/> 「Aplikasyon sa Suporta sa Pagpapa-aral sa bata」 kung nakasulat ang mga pangalan at kaugnayan ng mga kasambahay.
<input type="checkbox"/> Kung kumpleto ang lahat na kailangang papeles . (Suriin ang lahat ng papeles ng bawat isa)
<input type="checkbox"/> Tiyakin kung nakasulat ang dahilan ng aplikasyon sa bilang 7.
<input type="checkbox"/> Kung walang nakaligtaan na dapat sulatan. (petsa, pangalan, tatak, tirahan, pangalan ng bata, kaugnayan, kaarawan, trabaho o pangalan ng paaralan. |
|---|

↓ 就学援助費受給申請書の用紙の請求はこちらから Naririto ang aplikasyon sa mga nais humingi ng aplikasyon para sa suporta sa pagpapa-aral sa bata.

----- キリトリ -----

学校長あて

Tugon sa Punong Guro (Prinsipal)

就学援助費受給申請書の用紙を希望します。 Nagnanais ng aplikasyon para sa suporta sa pagpapa-aral sa bata

学年 Baitang/Antas ・ 組 Klase	児童生徒氏名 Pangalan ng Bata	保護者氏名 Magulang
年 組		

Ang mga Taong Napapaloob sa Nasabing Tulong Pinansyal at Tungkol sa mga kailangang Papeles

○ **Ang Tulong Pinansiyal sa 「Pamilya」 ay ang lahat ng taong kasama sa tirahan. Kahit ang mga lolo o lola na iba ang Residence certificate (Juminhyo) subalit kasamang naninirahan ay nasasakop pa rin sa loob ng Pamilya. Maging ang mga taong nakadistino sa ibang lugar dahil sa trabaho at doon naninirahan ay makakasama pa rin sa loob ng pamilya.**

○ **Lahat ng miyembro ng pamilya ay kailangang mapaloob sa mga sitwasyon na nakasulat sa ibaba.**

Halimbawa, kung ang tatay ng bata ay napapaloob sa Sitwasyon 3 sa ibaba (tumatanggap ng buo bahagiang exemption sa pagbayad ng buwis na Shiminzei) at ang nanay naman ng bata ay exempted (menjo) mula sa pagbayad ng pambansang programang pension (Kokumin Nenkin) (Sitwasyon 4 sa ibaba), hindi pa rin makakatanggap ng nasabing tulong.

Mga Sitwasyon	Papeles na nagpapaliwanag sa impormasyong nakasaad sa kaliwa. (pwedeng kopya ng lahat) ※Kailangang mapatunayan ang kalagayan ng lahat ng kasambahay	Opisina na may kapangyarihan para mag-issue ng mga papeles
1 Kailangan ng suportang pang-kabuhayan alinsunod sa sinasabi ng batas ukol sa suportang pang-kabuhayan.	Hindi kailangan ng papeles na patunay	
2 Ang suportang pangkabuhayan (seikatsu hogo, livelihood assistance) ay pansamantala o permanenteng natigil mula noong Abril 2, 2013.	Hindi kailangan ng papeles na patunay (karaniwan) ※Kung mapapatigil ang suporta dahil sa pagbabago ng sambahayan (gaya ng pagpapakasal uli) ay hindi mapapasama..	Public and Child Welfare Division (Minsei Kodomo Ka) ng inyong ward office Branch office ng Social welfare ward resident office. (Social Welfare Division)
3 Exempted sa buwis (shiminzei, citizen's tax) o may bawas (gengakuhuka)	Sertipiko ng inyong shiminzei/kenminzei (resident's tax) para sa taong 2013 (mula sa inyong kinita noong taong 2012) Sa mga magsasabmit ng aplikasyon nang Hunyo o pagkatapos nito, ang sertipiko para sa taong 2014 (mula sa inyong kinita noong taong 2013) ang maaaring ipakita	Tax division ng inyong munisipyo o ward office
4 Exempted sa paghuhulog sa national pension system (kokumin nenkin)	Notice of approval of exemption sa paghulog ng National Pension Insurance Premium Postcard na ipinadala sa kinauukulang indibidwal ※ Kailangan ang pabatid na ito para makatanggap ng exemption mula sa Abril 2013. ※Kung nawala ang postcard na ito, humingi ng papel na magpapatunay ng pagkalibre sa pagbabayad ng National Pension Insurance Premium (Kokumin Nenkin Hokenryo menjo Kikan shomeisho) ※ Kinakailangan ng notipikasyon ng lahat ng kasambahay edad 20 taong gulang papataas. ※Hindi maaaring magsumite ng aplikasyon rito ang mga mag-aaral na 20 taong gulang pababa, 60 taong gulang papataas, mga mag-aaral na hindi pa natatanggap ang <i>kokumin kennkou hoken</i> o national health insurance dahil sa espesyal na sistema ng pagbabayad para sa mga mag-aaral.	Opisina na nag-aayos ng inyong Social Insurance o Nenkin (National Pension Office)
5 May bawas o may palugit (exemption) sa bayad sa national health insurance	Paalalang sulat para sa bayarin sa kokumin kenkou hoken para sa taong 2013 (Partial o kabuuang komputasyon) O ang Paalalang sulat para sa bayarin sa kokumin kenkou hoken para sa taong 2014 (Partial o kabuuang komputasyon) (Parehong kalkuladong komputasyon. Honsantei) ※Kung walang dalang papeles na 「暫定賦課 Zanteifuka」 ay hindi makakatanggap. ※ Kailangang nakasaad dito ang halagang nabawas mula sa mga bayaring ito ※Kopya ng lahat ng pahina ng notipikasyon. ※Para sa mga kasambahay na 75 taong gulang papataas (nabibilang sa sistemang medical para sa mga may edad), hindi maaari ang pagsusumite ng aplikasyon sa kategoryang ito.	Pension/insurance division ng inyong munisipyo o ward office Branch office ng Social welfare ward resident office.

6	Tumatanggap ng suporta sa bata (jidou fuyou te-ate o child care allowance)	<p>Kopya ng Child-Care Allowance Certificate</p> <p>※Kinakailangan ng kopya ng pahina na mayroong tatak o selyo ng Shakai Fukushi Jimusho Chou o Direktor ng Opisina Para sa Kapakanan ng Lipunan.</p> <p>※Ang pagtanggap ng suporta ay magsisimula sa Agosto 2013 .</p> <p>※Ang tagatanggap ng Suporta para sa Bata (Tagpagalaga ng batang sinusuportahan) at batang sinusuportahan (18 taong gulang pababa) lamang ang magkasamang nakatira sa tahanan.</p> <p>※Hindi maaaring magpasa ng aplikasyon kung may kasambahay na hindi nabibilang sa maaaring tumanggap ng suporta.</p> <p>※Paalala: Hindi napapaloob dito ang mga sumusunod na suporta: KodomoTe-ate, Hitori Oya Katei Te-ate (Single Parent), I-ji Te-ate (o suporta sa mga orphan atbp.) at Tokubetsu (special) Jidou Fuyou Te-ate, at.</p> <p><input type="checkbox"/> Kung isa sa mga magulang ay may mabigat na kapansanan huwag kalilimutang isama ang kopya ng Handicapped Handbook sa aplikasyon.</p>	Public and Child Welfare Division (Minsei Kodomo Ka) ng inyong ward office Branch office ng Social welfare ward resident office. (Social Welfare Division)
---	--	---	--

7] Mga Pamilyang Nangangailangan ng Tulong Pinansiyal (hindi kabilang sa kategoryang 1 hanggang 6 sa itaas)

Sisiyasatin ang kabuuan ng shotoku ng lahat ng pamilya ng bata sa buong 1 taon (Enero 1,2013~Disyembre 31) Lahat ay kailangang magsabmit ng mga papeles.(Maliban sa mga iba pang dependent,highschool student,junior highschool student pababa).Makakatanggap ng suporta kung ang kabuuan ng lahat ng kinita ay nasa loob ng pamantayan o Standard amount of Income.na nakasulat sa ibaba.

Kung mag-aapply ay isulat ang dahilan ng kalagayan sa pagbabayad sa kinakailangang bayarin sa pag-aaral.

< Ang Standard Amount of Income para sa mga taong humingi ng suporta na sakop ng pamantayang (Sa mga taong may ibang dahilan sa pangangailangang pinansyal)

	Pamilyang binubuo ng 2 katao	3 katao	4 na katao	5 katao	6 na katao
Sweldo (neto)	(¥3,748,000)	(¥4,108,000)	(¥4,580,000)	(¥5,280,000)	(¥5,744,000)
Standard Amount on Income	¥2,455,000	¥2,743,000	¥3,120,000	¥3,680,000	¥4,052,000

※Para sa mga pamilyang binubuo ng higit sa 7 katao, sa bawat karadagdagang miyembro, magdagdag ng 488,000 sa basehang halaga ng kita ng para sa 6 katao
※Ang mga nakahanay sa Halaga ng Kinita sa itaas na bahagi ng talaan ay halimbawa lamang; ang inyong sweldo ay iba-base sa Standard Amount of Income na nasa ibabang bahagi ng talaan)

Papeles na nagpapaliwanag sa impormasyong nakasaad sa kaliwa. (pwedeng kopya ng lahat) ※ Kailangang mapatunayan ang kalagayan ng lahat ng kasambahay	Opisina na may kapangyarihan para mag-issue ng mga papeles
<p>Para sa mga magsusumite ng aplikasyon mula Abril ~ Mayo (alin man mula ①~③)</p> <p>※① Para sa mga hindi makakapagsumite, ②o di kaya ay ipasa ang bilang ③. Subalit, depende sa kinita o sa halaga ng nabawasang kinita, mayroong kinakailangan at hindi na kinakailangang mag year end adjustment. Sa ganitong pagkakataon, ipinapakiusap ang pagdedeklara ng <i>shiminzeikenminzei</i> ③ at ipinapakiusap na ito ay ipasa.</p>	
<p>①Employment Income Withholding Tax Certificate para sa taong 2013</p> <p>Kinakailangan ang <i>gensenchoushuhyou</i> para sa mga makikita na ang halaga ng kinita sa isang taon sa iisang papel lamang.</p> <p><u>Para sa mga hindi makikita sa iisang papel lamang, para sa mga taong mayroong hawak na 2 <i>gensenchoushuhyou</i> o mas marami pa, ②o di kaya ③ay ipinapakiusap na ipasa.</u></p> <p>Kung may Kotekinenkin no Gensenchoushuhyou at Kyuyou Shotoku no Gensenschoshuhyou ay maaari isumite na lamang.</p> <p>※Hindi maaaring tanggapin kung walang nakasulat na halaga sa 「給与所得控除後の金額 o halaga ng nabawasang sahod」 dahil nangangahulugan na hindi natapos ang year end adjustment nito. ②o di kaya ③ay ipinapakiusap na ipasa.</p> <p>Subalit, kung ang 「halaga ng babayaran」 ay 103,000 Yen pababa, at sa kaso na sa kahon para sa 「pagpasok sa trabaho sa kalagitnaan ng taon・pagtigil sa trabaho」 ay <u>wala namang pinagkakakitaang iba ay tatanggalin.</u></p> <p>※Para sa mayroong nakasulat na taon, buwan at araw ng pagtatrabaho sa 「中途職・退職 biglang pagtatrabaho・pagtigil sa trabaho」</p> <p>「outline」 Kinakailangan ay nakasulat sa tsar tang nakuhang sahod sa dating trabaho. Kung walang nakasulat dito o di kaya ay walang trabaho dati, ②o di kaya ③ay ipinapakiusap na ipasa.</p> <p>* subalit, maaring mag-aapply ng gensenchoushu ang mganagtapos sa highschool nang Marso 2013 at nagtrabaho nang Abril 2013.</p> <p>※Kung nakasulat ang taon, buwan at araw ng pagtigil sa trabaho sa 「中途職・退職 biglang pagtatrabaho・pagtigil sa trabaho」 ①ay hindi tinatanggap. ②o di kaya ③ay ipinapakiusap na ipasa.</p> <p>※ 「Hindi tinatanggap ang mga resibo ng mga bayarin, prizes o premyo, kontratang bayarin.</p>	Lugar na pinagtatrabahuhan.
<p>②Kopya ng income tax return para sa taong 2013</p> <p>※ <u>Ipasa ang mga kailangang nakasaad sa Talaan 1 at 2.</u></p> <p>※ Ang kinakailangang itagong kopya ay ang kopya ng inyong buwis sa kita (final income tax returns) na may tatak ng pagtanggap ng tanggapan ng pagbubuwis (with tax revenue stamp).</p> <p>Para sa walang tatak ng pagtanggap ng tanggapan ng buwis, mayroong kaso na tatanungin sila tungkol sa situwasyon ng kanilang kinikita.</p>	Kopya ng mga papeles na isinumite sa tax office

<p>③ Kopya ng Shiminzei Kenminzei Shinkoku Sho para sa Taong 2014 ※ HINDI 「証明書 Katunayan」 kung hindi, 「申告書 o deklarasyon」 po. ※ Ito ay ang papel na ipinapasa sa kawnter para sa pagdedeklara ng sinahod para sa buwan ng 2011. Kapag ito ay ipinasa, walang makukuhang kopya ang sarili. Dahil dito, ipinapakiusap na maghanda ng isang kopya nito bago ipasa. ※Ibigay ang orihinal na papel sa Municipal Tax Office , ang kopya ay ibigay sa paaralan. Magkopya ng orihinal bago ito isumite sa window dahil hindi na ito babalik pa.</p>	Papeles na ipinasa sa municipal Tax Office o Shizei Jimusho , Branch Office o Shucchou-jo Taxation Counter o Zeimu Madoguchi o ng inyong kuyakusho (ward office) o sa mga branch office nito.
Para sa magsusumite ng aplikasyon pagkalagpas ng Hunyo (Alin man sa ④~⑥) ※ ①~③ ay hindi tinatanggap.	
<p>④ Shiminzei Kenminzei Shomeisho para sa Taong 2014 (para sa sinahod sa taong 2013) 市民税県民税証明書</p>	Municipal Tax Office o Shizei Jimusho , Branch Office o Shucchou-jo Taxation Counter o Zeimu Madoguchi o ng inyong kuyakusho (ward office) o sa mga branch office nito.
<p>⑤ Shiminzei Kenminzei Nouzei Tsuuchisho 市民税県民税納税通知書 o di kaya Kazei Meisaisho 課税明細書 para sa taong 2014 (Isumite ang parehong dokumento)</p>	Ipapadala ng Tax Office gamit ang koreo.
<p>⑥ Notipikasyon ng napagpasyahang halaga ng shiminzeikenminzeitokubetsu choushuu zeigaku para sa taong 2014</p>	Ipapadala ito sa inyo ng inyong pinagtatrabahuhan.

4. Nilalaman ng Suporta

	Ika 1 Pagkakataon (Para sa buwan mula Abril~Agosto) Ibigay mula Hunyo 1	Ika 2 Pagkakataon (Para sa buwan mula Setyembre~Disyembre) Ibigay mula Setyembre 25	Ika 3 Pagkakataon (Para sa buwan mula Enero~Marso) Ibigay mula Enero 25	Kabuuang Bayad atbp.	
Kagamitan sa mga Aralin / Pag-aaral / Panlabas na mga Gawain	Ika 1 baitang Shou Gakkou	5,550Yen	4,240 Yen	3,180 Yen	12,970 Yen
	Ika 2-6 baitang Shou Gakkou	6,520 Yen	4,960 Yen	3,720 Yen	15, 200 Yen
	Ika 1 baitang Chuu Gakkou	10,420 Yen	8,080 Yen	6,060 Yen	24,560 Yen
	Ika 2-3 baitang Chuu Gakkou	11, 320 Yen	8,840 Yen	6,630 Yen	26, 790 Yen
Bayad sa Paghahanda Para sa Pagpasok sa Paaralan	Shou 1 20,470 Yen Chuu 1 23,550 Yen			Ibigay sa mga batang tumatanggap ng Schooling Support mula Abril	
Bayad sa Pananghalian	Lahat ng Baitang	Ang paaralan ang magbabayad ng pananghalian.(hindi direktang pagbabayad)Babayaran ang kinain at ininom lamang para sa mga chuu gakkou na mayroong school lunch. Para sa Abril ay bandang Hunyo 1, sa Marso ay sa katapusan, at para sa ibang mga buwan ay sa ika 25 ng susunod na buwan ito makukuha.		Halaga ng Kabayaran	
Bayad para sa Kamping	Shou 5 at Chu 2	Matatanggap sa oras na magkaroon nito, at ito ay ibibigay sa batang makikilahok. Ito ay ibibigay pagkatpos ng nasabing aktibidad. (Mayroong oras kung saan ito ay ibibigay matapos ang 2 hanggang 3 buwan)		Halaga ng Kabayaran	
Bayad para sa Ekskursyon sa Katapusan ng Taon	Sho 6 at Chu 3	Ito ay matatanggap sa oras na naipatupad na ang aktibidad, at ibibigay ito sa batang lumahok. (Mayroong oras kung saan ito ay ibibigay matapos ang 2 hanggang 3 buwan)		Halaga ng Kabayaran	
Bayad sa Transportasyon sa Paaralan	Bilang espesyal na pang edukasyonal na konsiderasyon ay babayaran din ang halaga ng binayad ng batang mag-aaral sa kanyang sinakyang pampublikong sasakyan patungo sa paaralan. Shou gakkou 4 km. papataas , chuu gakkou 6 km papataas ang layo mula sa paaralan at dapat ay ang ginamit na sasakyan ay pampublikong transportasyon. (Para sa espesyal na baitang, hindi kasama sa nasabing sukat ng distansya ang layo) Ibigay ito sa Hulyo, Septiyembre, Enero				
Medikal na Bayarin	Babayaran ng paaralan ang pagpapagamot na inirekomendang klinika ng paaralan. (hindi direktang pagbabayad)				
Bayad sa namamahala ng pagkain ukol sa Allergy	Lahat ng baitang (Sa may schoollunch na paaralan)	Babayaran ang namamahala sa mga pagkain para sa mga may allergy sa pagkain.Gagawan ito ng espesyal na putahe galing sa doktor.Mangangailangan ng resibo ang medical institusyon para dito kung kaya ang bayarin para sa Abril at Mayo ay sa Hunyo 25 at ang mga sumusunod ay tuwing ika 25 na buwan.		Halaga ng Kabayaran (Hanggang3,000 円)	

※ Para sa mga pamilyang tumatanggap ng tulong pinansyal para sa pamumuhay, ang makukuhang tulong para sa pag-aaral ay limitado lamang sa bayad sa ekskursyon at medical na pagpapagamot. Ang iba pang mga bayarin maliban dito ay nabibilang sa tulong para sa pamumuhay at ibibigay ng opisina ng Opisina ng Pagkakawang-gawa para sa pamayanan (Departamento Para sa mga Batang Mamamayan ng Ward Office o Kuyakusho Minsei Kodomo Ka.)

- ※ Ang mga sakit na maaaring makuha sa paaralan ay tracoma, sore eyes (kasama ang acute conjunctivitis), pagka-maga ng loob ng tenga, chronic sinusitis, pagkasira ng ngipin, adenoid, bulati/tiwa sa tiyan, at ilang sakit sa balat. Kung kailangan **magpagamot, dapat na kumuha ng *iryō meisai* mula sa paaralan bago pumunta sa inyong doktor. Ngunit kung mayroong Medical Care Card para sa Bata o kaya ay Medical Care Card para sa mga nag-iisang magulang, mabibigyan kayo ng pagkakataon na masuri agad**
- ※ Ang pagbigay ng refund ay maaaring o mahuli.
- ※ Kung kayo ay nag-apply ng *kouza furikomi* (bank transfer), bilang alituntunin, ang bayad ay direktang ide-deposito sa inyong bank account
Kung sakaling may hindi nabayaran sa paaralan mula sa natanggap na tulong pinansyal ng bata, ang halagang bayarin ay direktang ibabayad sa paaralan, ini-aaplay man o hindi ang paglilipat ng pera.
- ※ Ang bayad sa pamamahala ng mga pagkain para sa mga may allergy sa pagkain ay hindi iaawas ng direktso sa banko ng magulang kundi ito ay ipapasa muna sa paaralan.
- ※ Ang account name ay 「enjonagoyashi ・エンジョナゴヤシ」 po.

4. Q&A

Q1: Nais ko pong tumanggap ng suporta para sa pagpapa-aral ng bata, ngunit maaari bang malaman ito ng ibang bata?

A1: Ang mga impormasyong ibinigay ninyo sa aplikasyon para sa pagtanggap ng suporta sa pagpaaral ng bata ay personal na impormasyon, kaya't hanggat maaari hindi ipagbibigay-alam sa ibang tao ang mga nilalaman ng mga dokumentong ibinigay. Isasaalang-alang na hindi malalaman ng ibang bata ang pagtanggap ng suportang ito.

Q2: Ang aking kinita noong taong 2013 ay sobra sa Standard Amount of Income, ngunit kamakailan ay nawalan ako ng trabaho at ngayon ay nababahala sa mga gastusin sa paaralan. Maaari po ba akong tumanggap ng suportang ito?

A2: Isasaalang-alang namin ang pagpapanitili ng pamumuhay ng mga taong nakaranas ng mga hindi naiiwasang sitwasyon tulad ng pagkasakit at pagkawala ng trabaho na naging sanhi ng biglaang pagbaba ng inyong kinita sa kasalukuyan (pagsasarado ng kumpanya), kahit na malaki ang inyong kinikita noong nakaraang taong 2013. (Hindi kabilang na dahilan pagkatiwalag sa trabaho dahil sa personal na katwiran o pagreretiro)

Q3: Nang ako lang ang bumubuhay sa aking anak/pamilya tumatanggap ako ng Suporta sa Pagpapa-aral ng Bata, ngunit ako ay kasal na muli. Sa sitwasyong ganito, paano ang magiging aplikasyon sa pagtanggap ng Suporta sa Pagpapa-aral ng Bata?

A3: Kung may nadagdag na miyembro ng pamilya dahil sa pagka-kasal ninyong muli, ititigil pansamantala ang inyong pagtanggap ng Suporta sa Pagpapa-aral ng Bata. Kung nais ninyong ipagpatuloy ang pagtanggap ng suportang ito, kailangan ninyong gumawa ng bagong aplikasyon. At kung nabawasan naman ang miyembro ng inyong pamilya sanhi ng diborsiyo, maaari pa rin ninyong ipagpatuloy ang pagtanggap ng suportang ito.

Ang papel na ito ay likha sa recycled paper.